

Mga umiiral at balak na mga hakbang sa pagsulong ng pagkakapantay-pantay ng mga lahi

Kagawaran ng Customs at Excise

Ang Kagawaran ng Customs at Excise (C&ED) ay isang ahensya na nagpapatupad ng batas na nakatuon parasa pagprotekta sa Hong Kong Special Administrative Region laban sa mga kontrabando, pagprotekta at pagkolekta ng mga kita sa dutiable goods, pagtuklas at pagpigil sa mga narcotics trafficking at drug abuse, pagprotekta sa intellectual property rights, pagprotekta sa interes ng mga konsumer, pagprotekta at paggabay sa mga lehitimong kalakalan at tuparin ang mga obligasyon nito sa international community. Palagi kaming nagsisilbi ng may propesyonalismo sa serbisyo at walang kinikilingan sa kahit anong lahi at etnikong pinanggalingan.

A. Pakikitungo sa Publiko

Umiiral na mga
Hakbang

- Ang mga serbisyo ay ibinibigay gamit ang wikang Intsik at/o Ingles. Ang lahat ng mga leaflet at mga pamphlet na available ay ipapamahagi sa publiko na naka- print sa parehong wikang Intsik at Ingles.
- Ang C&ED ay nagbibigay ng interpretation services parasa mga taong inaresto at nakakulong para masiguro na maiintindihan at malalaman nila ang mga nauugnay na batas at mga katumbas na karapatan.
- Ang isang nakatuong grupo ay binuo para sa pagpapahusay ang pagpapalaganap ng C&ED upang mangalap ng tao sa komunidad ng mga mamamayan na hindi etnikong Tsino (NEC) at bumuo ng isang network ng mga kabataang NEC sa pamamagitan ng paglapit sa mga naaangkop na mga paaralan at organisasyon.
- Isinasali ng C&ED ang mga kabataan ng magkaibang mga lahi sa pamamagitan ng bagong ipinakilalang programa ng kabataan ang “Customs YES” na may pananaw na alagaan ang positibong mga kahalagahan ng nakababatang mga tao, kamalayan sa pagsusunod ng batas gayundin ng pandama sa pagkakasakop sa lipunan at bansa sa pamamagitan ng iba’t ibang ayos ng nakabatay sa edukasyon na mga aktibidad.

Pagtatasa ng mga
Trabaho sa

- Kinokolekta ang mga statistika sa “bilang ng interpretation/translation services”, “interpretation at

Hinaharap translation services ayon sa language” at “mga reklamong isinampa ng mga service users ng interpretation/translation services” para sa kasalukuyang pagsusubaybay ng epektibong pagbibigay ng serbisyo.

Karagdagang Hakbang na Ginawa/Gagawin

- Kung saan kinakailangan at sinasanay, interpretation services ay isinasaayos para sa mga taong pinagseserbisiyuhan.

B. Pagsasanay ng mga Kawani

Umiiral na Hakbang

- Lahat ng bagong na-recruit ng C&ED ay dapat magsanay sa pagkakapantay-pantay ng mga lahi sa induction training programmes para madagdagan ang kanilang kaalaman at pagtugon sa mga isyu sa pagkakapantay-pantay ng mga lahi.

- Ang mga in-house courses sa pagkakapantay-pantay ng mga lahi ay inayos para pagyamanin ang multikultural at magalang na kultura ng trabaho.

Pagtatasa ng mga Trabaho sa Hinaharap

- Ang C&ED ay madalas na tinatasa at sinusuri ang mga polisiya ukol sa mga pagsasanay. Ang mga puna at mga komento mula sa mga opisyal, ibang mga departamento at NGOs ay kinolekta para pag-igihan ang mga programa ukol sa pagkakapantay-pantay ng mga lahi para sa pagsasaayos ng angkop na mga programa or training courses para sa mga kawani upang pagbutihin ang kanilang kaalaman sa pagkakapantay-pantay ng mga lahi.

Karagdagang Hakbang na Ginawa/Gagawin

- Ang mga kawani ay isinasaayos na dumalo sa mga pagsasanay o mga kurso ukol sa pagkakapantay-pantay ng mga lahi at kulturang pagkakaiba-iba na inorganisa ng Kolehiyo ng Serbisyo Sibil ng Kawanihan ng Serbisyo Sibil, kasama ang Equal Opportunities Commission.

Para sa mga tanong tungkol sa mga umiiral at nakaplanong mga hakbang para sa pagpapalaganap ng pagkakapantay-pantay ng mgalahi, mangyaring kontakin si Binibining Augusta CHUNG, Deputy Departmental Secretary (Management Support), sa pamamagitan ng mga sumusunod na channel -

Telepono : 3759 2155
Fax : 3108 2311
Email : augusta_wt_chung@customs.gov.hk
Postal Address : Customs Headquarters Building, 222 Java Road, North
Point, Hong Kong

Kagawaran ng Customs at Excise
Mayo 2023